



# in sacred grounds

## ARCHIE OCLOS

**October 17, 2020**



**ART CUBE GALLERY**
www.artcubephilippines.com

In Sacred Grounds

“Patuloy tayong sumuong sa agos ng mga pagsubok sa buhay kahit pa isinasakripisyo nito ang sarili. Ang sining at kultura ang nagmamarka ng iyong kaluluwa.” – Archie Oclos

Isang paanyaya’t pahayag mula sa may akda, para sa may akda.
Tinatawag nating paglalakbay ang pagpunta sa isang punto mula sa isang punto. Nakasanayan na dapat laging may punto. Tayo nga ba’y mga mensahero lamang na naglalakbay upang makarating sa iisang punto? Kung ganoon man, nasaan na tayo? At nasaan ang punto?
Pitumpu’t pitong puting punto. Pitumpu’t pitong puting punto. Pitumpu’t pitong puting punto.
Mabibilang ba natin ang mga punto? Makukulayan ba natin ang mga ito? At ano nga ba ang saysay ng pagbigkas ng mga isinulat ko? Ang punto ba ng bawat punto ay walang punto? Hindi nga ba nakakalito? Baka ganito na nga tayong mga tao. Sa kahahanap ng punto, nawawala tayo.

Pagtungo
Mayroon tayong pinanggagalingan. Naglalayon tayo ng karanasan. Ang karanasan ang pumapagitan sa magkabilang dulo ng pinagmumulan at patutunguhan. At ang karanasan ay walang katapusan. Isang segundo, isang minuto, isang oras, isang araw, isang linggo, isang buwan, isang taon, tinatawiran ng ating mga karanasan. Karanasan ang nagdudugtong sa maraming mga punto, tila mga linyang pawang may kinakapitan. Kumakapit sa mga anyo ng iba’t ibang punto ng kalooban at kaisipan, At matibay ang bawat punto. Solido, ngunit walang iisang anyo. Mayroong nakasisilaw sa liwanag at mayroong nakaririmarim sa dilim. Mayroong namumukadkad sa yaman at mayroong nanlilimahid sa kahirapan. At tila wala rin namang iisang dako ang mga punto. Mayroong nakalulula sa taas at nakalulunod sa ilalim. Mayroong umuusad pakaliwa at mayroong pumapaling pakanan. Tumataliwas at tumutungo sa magkakaibang landas at daan.
Paano nga ba nararanasan ang pagitan? Nasa pagitan ba o nasa magkaibang dulo ang kaigtingan?
May gulo sa gitna ng katahimikan. May dahas sa gitna ng kapayapaan. May kulang sa gitna ng kasaganahan. At kung sakaling may kahihinatnan, tutungo ba tayo sa punto o tutungo tayo sa tawag ng pagitan?

Pamamalagi

Hindi nangangahulugang pagtigil ang pamamalagi. Kung sasadyain na mayroong paghihimpil at pagmamasid ang pamamalagi, mapahihintulutan nito ang pagpapainam ng pakiramdam. Ang damdamin ay hindi namamadali, sa halip, maigi itong inaangkin. Inaangkin paulit-ulit upang ang karanasan ay lubusang mapagmasdan at maramdaman. Kinakalap ng pagmamasid ang kasalukuyan at tinantantiya kung ano ang mabubuong katuturan. Tinatala ang bawat hugis, hubog, at hulma sa ating paligid na bumubuo ng ugnayan. Mga hugis na manipis, makapal, at katamtaman ang mga puwang. Mga hubog na tuwid, baluktot, at matalim, Mga hulma na nakasalalay sa ayon ng panahon at tila may mga sariling uri ng pamamahala. Ang pamamalagi, bagaman mas madaling maiwangis sa ginhawa, maituturing rin naman nating isang paraan ng paggawa. Pagmamatyag sa mga paulit-ulit na pagkakataong nagbabatid ng ating karampatang paglikha.

Paano nga ba nararanasan ang panahon? Nasa pagdakip ba o nasa pagsulong ng mga pagkakataon?

May hinga sa gitna ng kapaguran. May sakit sa gitna ng kaginhawaan. May pagsibol sa gitna ng kawalan. At kung sakaling may pagkakataon, makabubuo ba tayo ng mga hindi pa natin nakikitang katotohanan?

Pagsulong

Kalakip na ng ating mga buhay ang walang humpay na pagkilos ng ating kasaysayan, kasalukuyan, at kinabukasan. Mula sa mga naisisiwalat ng mga panahong ating binabagtas, nabibigyang saysay natin ang mga naiwan, sinasabayan, at ang mga bubuksan. Tila naiiwan ang pinagmumulan nating kasaysayan habang patuloy naman nating sinasabayan ang kasalukuyan at patuloy ring inaakmang buksan ang mga posibilidad ng kinabukasan. Ito ang ating araw-araw. Ito ang ating puno’t dulo. Ito ang ating lapat. Ito ang ating mga danas na napipilatan, minamarkahan, at inuugatan. Mga pilat na naglililok ng lalim ng ating katauhan. Mga markang tumutugon bilang babala at pag-asa sa ating kinalalagyan. Mga ugat na nagpapatibay ng ating mga paninindigan. Masalimuot at malawak ang ating tinatahak at hindi iisang linya lang ang pakikibaka’t pagsulong sa paroroonan – binubuo ng bahid ng ating mga ninuno at bawat pahid ng ating mga pagkatao.


Ang ating nag-iisang karanasan ngayon ay higit pa sa mas matinding karamdaman, Oo nga’t maitim ang ating kapaligiran, ngunit ang kalikasa’y patuloy na magpapaunlak ng angking kainaman. At kung wala na tayong maaninag, tandaang may mga dagitab sa gitna ng kadiliman. Kahit lahat ng ito ay haka-haka lamang.

Tayong mga may akda, ang siyang magtatakda.


- Eya





**HIMPILAN**
48 X 60 inches
Acrylic on Canvas
2020



**DAGITAB**
48 X 72 inches
Acrylic on Canvas
2020



**KUTYA**
60 X 48 inches
Acrylic on Canvas
2020



**DIWANG**
60 X 48 inches
Acrylic on Canvas
2020




**TAHANAN**
72 X 144 inches
Acrylic on Csnvas
2020



**SIGNOS**
48 X 72 inches
Acrylic on Canvas
2020



**LIKAS**
60 x 48 inches
Acrylic on Canvas
2020



**TUNGGALIAN**
48 X 60 inches
Acrylic on Canvas
2020